



B Uri ng visa o status of residence

[Bumalik sa TOP ng B Uri ng visa o status of residence](#)

2 Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, pagpalit ng uri ng visa, pag-aplay para makakuha ng pahintulot para maging permanenteng residente, pahintulot para sa gawaing hindi sakop ng hawak na visa, re-entry permit at pagkuha ng visa

2-8 Pagkuha ng visa (status of residence)

Para sa mga batang nasa Japan na ipinanganak dito at hindi humahawak ng Japanese citizenship, sa loob ng 30 araw mula sa kapanganakan, kailangang mag-aplay sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar at isagawa ang proseso ng pagkuha ng visa o status of residence. Subalit hindi na ito kailangan kung sakaling lalabas ng Japan sa loob ng 60 araw.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Hanggang kailan	Processing fee
1 Application form para sa pagkuha ng visa o status of residence 2 Sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan o shushou todoke, talaan ng kalusugan ng mag-ina o boshi kenkou techou, atbp 3 Pasaporte at Residence Card ng mga magulang 4 Guarantor ng pagkatao Atbp	Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar Sanggunian Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa paninirahan sa Japan)	Sa loob ng 30 araw mula sa kapanganakan (Subalit hindi na ito kailangan kung sakaling lalabas ng Japan sa loob ng 60 araw)	Walang bayad

Para sa mga anak ng mga Special Permanent Residents, iproseso lamang ang pagkuha ng special permanent resident na visa sa loob ng 60 araw mula ng ipinanganak.

